SMALL BUSINESS ENTERPRISE CENTRE
SBEC BRAMPTON
www.brampton-business.com

33 Queen St. West, Unang Palapag, Brampton, ON L6Y 1L9
Tel blg: 905-874-2650 Fax blg: 905-874-2670

# Pilyego ng Kaalaman Tungkol sa Pambahay na Okupasyon

**Ang Lunsod ng Brampton pangkalahatang tanggap ang mga sumusunod na pakahulugan ng Pambahay na Okupasyon.**

1. Ang pambahay na okupasyon ay mangyaring maisagawa sa loob ng isahang-pampamilyang nakabukod na tirahan sa ilalim ng mga sumusunod na mga kinakailangan at paghihigpit:

(a) isinasagawa lang ito ng okupante ng tirahan o ng mga miyembro ng kanyang pamilyang nakatira dito;

(b) ang pag-okupa ng pamamahay ay pangalawa sa pribadong tirahan, at hindi sumasaklaw ng mas higit sa 15 por siyento ng kabuang sukat ng tirahan, hindi kasama ang silong at imbakan sa ilalim ng lupa;

(c) ang okupasyon sa tirahan ay mangyaring isagawa sa dagdag na gusali o pribadong garahe;

(d) walang pagbabago sa panlabas na anyo ng tirahan bilang pribadong tirahan

(e) walang mga gamit, kasangkapan o paninda na inaalok o nakalantad na paninda o nakatagong paninda sa paligid maliban sa mga produktong ginagawa sa paligid;

(f) walang panlabas na imbakan ng mga materyales, gamit, o mga sasakyan kaugnay ng paggamit ng pambahay na okupasyon;

(g) hindi lalabis sa isang tao, maliban sa mga miyembro ng pamilyang nakatira dito, ang mamasukan sa paligid kaugnay ng pambahay na okupasyon;

tapos na

(h) isang karatula ang pahintulutan na ikakabit sa gusali at ito ay hindi lalampas sa 0.15 metro kwadrado ang lapad;

(i) hindi lalabis sa isang pambahay na okupasyon ang maaring payagan sa isang tirahan; at,

(j) ang mga sumusunod ay hindi papahintulutan bilang okupasyon na pambahay:

 (i) ang pagkumpuni ng mga sasakyang de motor o makinang ‘internal combustion’; at
 (ii) alin mang paggamit, na ayun sa likas na katangian ng pagpapatakbo nito, ay gagawa ng pampayamot o malimit maging sanhi ng pampayamot, o pampagalit dahil sa gawa ng ingay, pag-uuga, o dahil sa buga ng gas, usok, alikabok, silaw o masangsang na amoy, o ano pa mang gamit na maaring maturing na kasuklam-suklam o masangsang na amoy o di-kanaisnais na hanapbuhay, o paggagawa.
 (iii) isang masahian o lugar para sa paghagud ng katawan.

2. Ang tanggapan na gamit bilang pambahay na okupasyon ay maaring isagawa sa loob ng kahit sa alin mang tirahan sangayon sa mga sumusunod na kinakailangan at paghihigpit:

(a) hindi lalabis sa isang tanggapan ang papayagan sa loob ng tirahan;

(b) ang tanggapang ito ay hindi maari na maging tanggapan para sa isang tagapangalaga ng kalusugan kagaya ng tanggapan para sa mangagamot, dentista, pisyoterapist, masahista, kiropraktor, seykayatrist, tagapalakad ng X-ray at ultrasound, atbp.:

(c) ang tanggapan ay likas na hindi lalabis sa isa ang panauhin sa bawat pagkakataon;

(d) ang kabooang lawak na nakatalaga para sa tanggapan ay huwag lalabis sa 15 metro kwadrado;

(e) ito ay isasagawa lamang ng okupante ng tirahan o ng mga miyembro ng kanyang pamilya na nakatira dito at wala ng iba pang kawani sa kapaligiran kaugnay sa tanggapan;

(f) walang papayagan na panlabas na karatula;

(g) walang mga kagamitan, kasangkapan o paninda na inaalok o ilalantad upang ipagbibili o napagbili o nakatago upang ipagbili sa paligid;

(h) at ang tanggapan, na dahil sa gawi ng pagpalakad nito ay nakakalikha ng nakakayamut o maaring magiging nakakayamut o nakakasuklam na gawa, ng

tapos na

ingay, pag-uuga, o di-kanaisnais na amoy, o maging nakakasuklam o nakakagalit na hanapbuhay o kalakal ay hindi papahintulutan.

**Para sa karagdagang kaalaman tungkol pangangailangan ng pagsosona ng Pambahay na Okupasyon tawagan ang Kagawaran ng Pagsosona (Zoning Deprtment) ng Lunsod ng Brampton sa 905-874-2090.**